REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

## Sangguniang Panglungsod

### KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-02

**KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA, SA PAMAMAGITAN NG PUNONGLUNGSOD, NA TANGGAPIN ANG HALAGANG ISANGDAAN WALUMPUNG LIBONG PISO (P180,000.00) NA IPINAGKAKALOOB NI KGG. SENADOR LETICIA R. SHAHANI MULA SA KANYANG 1996 CONGRESSIONAL INITIATIVE FUND PARA SA PAGPAPAGAWA NG DAY CARE CENTER SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*************************************************************************

Ipinanukala ng : **LAHAT NG MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** itinadhana ng Seksiyon 17. Pangkat II ng Saligang Batas ng Pilipinas na ang Pamahalaang Nasyonal ay magbibigay prayoriti sa edukasyon at mabilis na panlipunang pagsulong at pagtataguyod ng pangkalahatang paglaya at pag-unlad na pantao:

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksiyon 17 Talata 2. IV at 4 ng R.A. 7160. Kodigo ng Pamahalaang Lokal ang Pamahalaang Lokal ay magbibigay ng pangunahing serbisyo at pasilidad para sa panlipunan, kagalingan at programa sa kabataan:

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa Seksiyon 22 ng R.A. 7160. Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991. lahat ng kasunduan na lalagdaan ng Punonglungsod ay kailangan ng pagpapatibay ng Sangguniang Panglungsod;

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan Paglilingkod ng Lungsod ng Muntinlupa (DSWD) ay nangangailangan ng karagdagang pondong gugulin sa pagpapagawa ng Day Care Center:

**SAPAGKAT,** bunga ng kabutihang loob ni **Kgg. Leticia R. Shahani,** siya ay nagkaloob ng halagang **ISANGDAAN WALUMPUNG LIBONG PISO (P180,000.00)** mula sa kanyang Congressional Initiative Fund para gamitin sa pagpapagawa ng Day Care Center sa Lungsod ng Muntinlupa.

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na pahintulutan ang Pamahalaang Lungsod, sa pamamagitan ng Punonglungsod na tanggapin ang halagang **ISANGDAAN WALUMPUNG LIBONG PISO (P180,000.00)** na ipinagkakaloob ni Kgg. Senador Leticia R. Shahani mula sa kanyang Congressional Initiative Fund para gamitin sa pagpapagawa ng Day Care Center sa Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGPASIYAHAN PA,** na ipaabot sa Kgg. Senador Leticia R. Shahani ang taos pusong pasasalamat ng Pamahalaang Lungsod sa kanyang kagandahang loob.

**PINAGTIBAY** ng Unang Pagpupulong ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika-13 ng Enero.1997 sa ginanap na ika-66 na Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS JR.**
Konsehal

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-35-35
(local 51) 842-36-64
Fax No. 842-61-96

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENT Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN :**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**Pinatototohanan** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINATUTUNAYAN :

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: 2/3/97